

# BAKUNA SA TRANGKASOUAG

## ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

# 2004-2005

### 1 Bakit magpapabakuna?

Ang trangkaso ("flu") ay isang seryosong sakit.

Ito ay sanhi ng virus na kumakalat mula sa naimpeksyong tao patungo sa ilong o lalamunan ng ibang mga tao.

Ang trangkaso ay puwedeng maging sanhi ng:

- lagnat
- pananakit ng lalamunan
- ginaw
- ubo
- sakit ng ulo
- pananakit ng kalamnan

Kahit sino ay puwedeng matrangkaso. Karamihan sa mga tao ay ilang araw lamang tinatrangkaso, pero ang ilan ay lumalala ang sakit at maaaring kailanganing ipaospital. Pangkaraniwang may namamatay na 36,000 tao bawat taon sa Estados Unidos dahil sa trangkaso, karamihan ay matatanda.

Magagawa ng bakuna sa trangkaso na pigilan ang trangkaso.

### 3 Buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso

May dalawang uri ng bakuna sa trangkaso na makukuha ngayon, isang bakunang ginawang di-aktibo at isang buhay na bakuna.

Ang buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso (ang tatak-pangkalakal ay FluMist™) ay nilisensiyahan noong 2003. Ang FluMist ay nagtataglay ng buhay, inalisang puwersa (pinahinang) virus ng trangkaso. Ito ay iwiniwisik sa mga butas ng ilong sa halip na iiniksiyon sa kalamnan.

Ang ginawang di-aktibo na bakuna sa trangkaso, kung minsan ay tinatawag na "iniksiyon sa trangkaso," ay maraming taon nang ginagamit, at ibinibigay sa pamamagitan ng iniksiyon. Ito ay nagtataglay ng pinatay na virus ng trangkaso.

### 3 Sino ang puwedeng tumanggap ng buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso?

Ang buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso ay inaprobahan para sa malulusog na bata at may sapat na gulang mula 5 hanggang 49 taong gulang, kabilang ang mga nakakaugnayan sa bahay ng karamihan sa mga taong may malaking panganib na magkaroon ng mga kumplikasyon sa trangkaso. Gayunman, ang FluMist ay hindi dapat gamitin ng mga taong may mga medikal na kondisyon, mga buntis na babae, o ibang nanganganib sa mga kumplikasyon na may kaugnayan sa trangkaso (tingnan ang Seksiyon 4).

4

### Sino ang hindi dapat tumanggap ng buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso?

Ang mga sumusunod na tao ay hindi dapat tumanggap ng pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso. Dapat nilang itanong sa kanilang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa pagtanggap ng ginawang di-aktibo na bakuna sa trangkaso.

- Ang mga may sapat na gulang na 50 taong gulang o mas matanda o mga batang wala pang 5 taong gulang.
- Mga taong may mga pangmatagalang problemang pangkalusugan sa:
  - sakit sa puso
  - sakit sa bato
  - sakit sa baga
  - metabolikong sakit, tulad ng diabetes
  - hika
  - anemia, at karamdaman ukol sa dugo
- Mga taong may mahinang sistema ng panlaban sa sakit dahil sa:
  - HIV/AIDS o ibang sakit na nakakaapekto sa sistemang panlaban sa sakit
  - pangmatagalang paggamot sa pamamagitan ng droga tulad ng mga steroid
  - paggamot sa kanser sa pamamagitan ng mga eksrey o droga
- Mga bata o adolesente na nasa pangmatagalang paggamot ng aspirin (ang mga taong ito ay maaaring magkaroon ng Reye syndrome kung sila ay matatrangkaso).
- Mga buntis na babae.
- Sinumang nagkaroon na ng Guillain-Barré Syndrome (GBS).

Ang iniksiyon sa trangkaso (ginawang di-aktibo na bakuna) ay mas pinipili kaysa buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso para sa mga doktor, nars, miyembro ng pamilya, o sinumang malapit na nakakaugnayan ng isang nagtataglay ng lubhang mahinang sistemang panlaban sa sakit (ang nangangailangan ng pangangalaga sa isang protektadong kapaligiran).

Ang mga sumusunod na tao ay dapat makipag-usap sa isang doktor bago tumanggap ng alinman sa mga bakuna sa trangkaso:

- Sinumang nagkaroon na ng seryosong reaksiyong alerhiya sa mga itlog o sa isang naunang dosis ng bakuna sa trangkaso.
- Kung ikaw ay nilalagnat o may malubhang sakit sa oras na nakatakdang magpapabakuna, malamang na dapat kang maghintay hanggang gumaling bago tumanggap ng bakuna sa trangkaso. Kausapin ang iyong doktor o nars tungkol sa kung dapat ipagpaliban ang bakuna.

**5****Kailangan ako dapat tumanggap ng bakuna sa trangkaso?**

Ang pinakamabuting panahon upang magpabakuna ay sa buwan ng **Oktubre** o **Nobyembre**. Ang panahon ng trangkaso ay puwedeng maging pinakamatindi mula sa buwan ng Disyembre hanggang Marso, pero pinakamadalas na pinakamatindi sa buwan ng Pebrero. Kaya ang pagpapabakuna sa buwan ng Disyembre, o maging pagkaraan, ay puwedeng maging kapaki-pakinabang sa karamihan ng mga taon.

Karamihan sa mga tao ay nangangailangan ng isa lamang bakuna sa trangkaso bawat taon upang hadlangan ang trangkaso. Pero **ang mga batang wala pang 9 na taong gulang na nagpapabakuna sa trangkaso sa unang pagkakataon** ay dapat tumanggap ng 2 dosis ng bakuna. Para sa buhay na bakuna sa trangkaso, ang mga dosis na ito ay dapat na may 6-10 linggong pagitan. Ang mga batang ito ay dapat tumanggap ng kanilang dosis sa buwan ng Oktubre o mas maaga. Ang mga bata sa grupong ito ng edad na tumanggap ng isang dosis ng naunang taon, kahit ito ang unang pagkakataon na tumanggap sila ng bakuna, ay nangangailangan ng isa lamang dosis sa taong ito.

Ang buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso ay maaaring ibigay na kasabay ng ibang mga bakuna. Kabilang dito ang ibang mga buhay na bakuna, tulad ng MMR o bulutung-tubig. Pero kung ang dalawang buhay na bakuna ay hindi ibinigay sa iisang araw, ang mga ito ay dapat ibigay nang may pagitan na 4 na linggo o higit.

Ang mga virus ng trangkaso ay madalas na nagbabago. Dahil dito, ang mga bakuna sa trangkaso ay isinasapanahon taun-taon, at kailangan ang taunang pagpapabakuna.

**6****Ano ang mga panganib sa buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso?**

Ang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay puwedeng maging sanhi ng mga seryosong problema, tulad ng matitinding reaksiyong alerhiya. Napakaliit ang panganib na maging sanhi ng seryosong pinsala ang bakuna.

Ang panganib na ang mga virus ng buhay na trangkaso ay ipasa ng isang tao sa ibang tao ay napakaliit. Kahit na mangyari ang pagpasang ito, ito ay hindi malamang na maging sanhi ng sakit.

Ang buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso ay puwedeng maging sanhi ng mga banayad na sintomas (tingnan ang ibaba).

**Mga banayad na problema:**

May mga bata at adolescente na 5-17 taong gulang na iniulat na nagkaroon ng mga banayad na reaksiyon, kabilang ang:

- tumutulong ilong, pagbabara ng ilong o ubo
- lagnat
- sakit ng ulo at pananakit ng kalamnan
- pananakit ng tiyan o paminsan-minsang pagsusuka o pagtatac

May mga may sapat na gulang na 18-49 taong gulang na nag-ulat ng:

- tumutulong ilong o pagbabara ng ilong
- pananakit ng lalamunan
- ubo, ginaw, pagkahapo/panghihina
- sakit ng ulo

Ang mga sintomas na ito ay hindi nagtagal at kusang nawala. Kahit na nangyari ang mga ito pagkaraan ng pagbakuna, maaaring ang mga ito ay hindi sanhi ng bakuna.

**Malulubhang problema:**

- Ang nagbabanta sa buhay na mga reaksiyong alerhiya mula sa mga bakuna ay bihirang-bihira. Kung ang mga ito ay mangyari, ito ay sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkaraan ng pagbakuna.
- Kung ang bihirang reaksiyon ay mangyari sa isang bagong produkto, ang mga ito ay hindi matutukoy hanggang maraming libo, o milyon, ng mga tao ay gumamit ng produkto. Tulad ng lahat ng bakuna, ang buhay, pinadadaan sa ilong na bakuna sa trangkaso ay sinusubaybayan para sa hindi pangkaraniwan o malulubhang problema.

**7****Paano kung may kainaman o malubhang reaksiyon?****Ano ang dapat kong hanapin?**

- Anumang di-pangkaraniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat o mga pagbabago sa asal. Sa mga tanda ng seryosong reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamalat o paghuni, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo.

**Ano ang dapat kong gawin?**

- **Tumawag** ng doktor, o dalhin kaagad sa doktor ang tao.
- **Sabihin** sa iyong doktor kung ano ang nangyari, at petsa at oras na nangyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.

- **Sabihin** sa iyong doktor, nars, o kagawaran ng kalusugan na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) form.

O puwede kang magharap ng ulat sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa [www.vaers.org](http://www.vaers.org), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967.

*Ang VAERS ay hindi nagkakaloob ng payong paggamot.*

**8****Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?**

- Itanong sa iyong tagapagkaloob ng bakuna. Ang mga ito ay makakapagbigay sa inyo ng paningit na pakete ukol sa bakuna o maaaring magmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong lokal na kagawaran o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Makipag-alam sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-2522** (Ingles)
  - Bisitahin ang mga website ng CDC sa [www.cdc.gov/ncidod/diseases/flu/fluavirus.htm](http://www.cdc.gov/ncidod/diseases/flu/fluavirus.htm) o [www.cdc.gov/nip](http://www.cdc.gov/nip)



**DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES  
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION  
NATIONAL IMMUNIZATION PROGRAM**

Vaccine Information Statement

Live, Intranasal Influenza Vaccine IMM-778 - Tagalog

(5/24/04)

Translated by Transcend, Davis, CA

[www.transcend.net](http://www.transcend.net)